Pambansang Kampong Balagtas 2019

Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Bilang 964 na may petsang 11 Pebrero 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas 2019 na may temang *Balagtas: Katutubong Manlilikha*. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng Pambansang Kampong Balagtas 2019, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula at sanaysay na mangyayari sa Orion Elemetary School, Orion, Bataan, sa 2–4 Abril 2019.

Ang mga tuntunin at hakbang sa aplikasyon at pagpili ng mga lalahok sa kumperensiya ay ang sumusunod:

a. Ang kumperensiya ay bukás sa lahat ng mga mag-aaral na násа baitang 7–11 na kasapi at nakapaglathala na sa pahayagang pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali sa kumperensiya ang mga kaanak ng mga kawani ng KWF at mga naging kalahok ng nagdaang Kampong Balagtas.

b. Magpapásа ang paaralan ng tatlong (3) kopya ng pahayagang pang-estudyante na *nailathala* sa mga taóng 2018–2019. Kinakailangang maglalaman ang mga pahayagan ng mahuhusay na akdang násа wikang Filipino at isinulat ng mga aplikanteng mag-aaral. 3–5 tula ang kahingian para sa kalahok sa tula at 2–3 sanaysay naman para sa mga kalahok sa sanaysay. Kasama sa ipapásа ay ang **pormularyo ng paglahok** at **rekomendasyon** ng adviser ng publikasyon. Maaaring ipadala ang mga ito sa:

Lupon sa Kampong Balagtas 2019
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel
Malacañang Complex, San Miguel

Maaari rin magpadala ng kopya ng mga pahayagang pang-estudyante at pormularyo sa kampongbalagtas@gmail.com o komisyonsawika@gmail.com.

c. Pipili ang KWF ng 150 mag-aaral na lalahok sa kumperensiya batay sa mga ipinasang pahayagang pang-estudyante. Tatanggap ng liham muta sa KWF ang mga mag-aaral hinggil sa pagkakatanggap nila sa kumperensiya.

d. Ang huling araw ng paglanggap ng mga aplikasyon ay sa 15 Enero 2019, 5 nh.

e. Ang pamasahe, pagkain, at akomodasyon sa kampong ng mga kalahok ay sasagutin ng KWF.

Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Krisceli Largo Labor o kay Roy Rene S. Cagalingan sa telepono bilang (02) 736-25-19 o sa pamamagitan ng email na kampongbalagtas@gmail.com o komisyonsawika@gmail.com.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON
Sorsogon

Enero 14, 2019

Sa: Kinauukulan

Para sa kaalaman at patnubay

LOIDA N. NIDEA, Ed.D., CESO V
Pansangay na Tagapamanihala